

**Presidential Communications Operations Office
News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY HENRY URI AND MISSY HISTA - COFFEE BREAK/DZRH
APRIL 30, 2020 (10:13 A.M. - 10:23 A.M.)**

URI: Secretary Harry Roque, kayo po ay dating Congressman, mataas ang naging katungkulan ninyo diyan sa Kongreso, magandang umaga po sa inyo.

SEC. ROQUE: Hi! Magandang umaga, Henry.

HISTA: Good morning.

SEC. ROQUE: Well, bilang isang propesor po ng batas nang labinlimang taon sa UP na full time, talaga naman pong kahit anong gawin ninyo, kahit bali-baliktarin ninyo ang Saligang Batas eh tanging Mababang Kapulungan lang po ang pupuwedeng pagmulan ng proseso para magbigay ng prangkisa sa broadcast company—

URI: Sige, pag-usapan nga natin—

SEC. ROQUE: Tanging ang Kongreso at ang Senado ang makapagbibigay ng ganiyang prangkisa, walang ganiyang kapangyarihan ang Presidente, walang ganiyang kapangyarihan ang National Telecommunications Commission.

URI: Pag-usapan nga natin, paano ba at sino ba ang maaaring magkaroon ng prangkisa, at bakit kailangan ng prangkisa?

SEC. ROQUE: Ang prangkisa po kasi ay dahil ang broadcast company ay gagamit ng ere na pag-aari ng estado, so ito po ay isang pribilehiyo kaya kinakailangan iyong representante ng taumbayan ang magbibigay ng permiso ng paggamit ng ari-arian ng taumbayan – iyong ere.

At kaya nga po ito ay nagsisimula sa Kamara de Representante dahil iyong representante ng taumbayan ang dapat magpataw, magbigay ng pribilehiyong ito.

URI: Sinu-sino ang nangangailangan ng prangkisa? Anong klaseng mga negosyo?

SEC. ROQUE: Lahat po ng mga kompanya na gumagamit po ng ere at, well, marami pa pong iba iyan pero mag-focus muna po tayo dito sa mga gumagamit ng ere, iyong mga broadcast company.

URI: iyan ho ba ay madali o matagal—kapag nai-file mo ba iyan matagal bang maaprubahan iyan?

SEC. ROQUE: Well, tama ka, noong 17th Congress Deputy Minority Floor Leader ako at ibig sabihin niyan miyembro ako ng lahat ng komite kasama ng Franchise Committee. Ang aking naobserbahan naman, alam mo iyong mga franchise bills na iyan, iyan po ay mga de kahon at kung wala naman talagang malaking problema ay hindi naman ipagkakait iyan dahil kumikita naman po ang gobyerno dahil doon sa ibinabayad na franchise tax na tinatawag.

Kaya nga lang po sa kaso ng ABS-CBN, ayun nga po, may quo warranto petition na sinumite ang ating Solicitor General sa Korte Suprema na nagbukas ng ilang mga issue na ang sabi naman po ng ating mga Kongresista ay kinakailangan nila ng panahon na pag-aralan.

Pero gustuhin man po ng Presidente na manghimasok, hindi po talaga niya magagawa iyan dahil it is an exclusive, original jurisdiction to the House of the Representatives po to initiate itong mga franchise bills.

URI: Missy, ikaw muna bago ulit ako.

HISTA: Yes, may itatanong lang ako kay Secretary Roque kasi mayroon akong nabasa sa Twitter na sinabi ni Senator Sotto na i-angat na lang sa Senate iyang franchise ng ABS-CBN para maaprubahan na lang nila. Do they have that capabilities, Secretary?

SEC. ROQUE: Well, ang sabi po ni Senate President Sotto kailangang aprubahan ng Kamara bago sila makaakto at ang sabi naman po ni Congressman Joey Salceda eh kaya naman nilang aktuhan iyan within one week.

So, sana po imbes na sisihin ang kung sinu-sino ay naka-session naman po ang Kongreso, mayroon po tayong thirty days nang sila ay naka-session, naaprubahan na nila iyong amendment sa kanilang rules para magkaroon ng virtual session, so pag-aralan na po nila kung gusto nila. At kung ayaw naman po nilang magbigay ng prangkisa eh sabihin na po nila sa taumbayan dahil tingin ko sapat-sapat na iyong panahon na naibigay sa kanila para magdesisyon.

URI: Ang lumalabas ngayon, lalung-lalo na siyempre doon sa panig ng mga naniniwala na itong isyung ito ay pulitikal, kung hindi raw ho nagkaroon ng pahayag ang Pangulong Duterte laban sa ABS-CBN na hindi na niya talaga ito—sisiguraduhin niya na hindi na ito mare-renew, sisiguraduhin niya na mawawala na ito dahil doon sa mga nagawa rin sa kaniyang kamalian ng network. Kung hindi raw po nagpahayag ng ganoon ang Pangulo ay maaaring ang Kongreso ay hindi nagkaroon ng... you know, iyong pagdi-dillydally or iyong pagpatumpik-tumpik na desisyon dito sa prangkisang ito. Ano ang inyong reaksiyon doon?

SEC. ROQUE: Eh, lahat ho iyan ay lumang balita dahil ang bagong balita ay humingi naman po ng tawad ang Mr. Carlo Katigbak ng AbS-CBN at tinanggap naman po ang paghingi ng patawad ng ating Presidente. Ganoon din po, humingi naman ang Presidente ng tawad doon

sa ilang mga kompanya na noong una ay galit na galit siya, dahil nakita naman nila na nakipagtulungan talaga sa gobyerno ngayong panahon ng krisis.

At ang Presidente naman po eh kinikilala rin iyong mga mabuting ginawa ng ABS-CBN ngayong panahon ng COVID-19, kaya nga po ang mensahe niya sa mga Kongresista, sa mga kaalyado ng mga Presidente, neutral po talaga siya diyan. Huwag silang matakot kung gusto nilang bumoto na bigyan ng prangkisa ang ABC-CBN at hindi naman po magagalit ang Presidente.

Pero talaga pong tanging ang Kongreso lang po ang may kapangyarihang magdesisyon kung magkakaroon muli ng prangkisa ang ABS-CBN.

URI: Iyon bang pagtanggap ng Pangulo sa apology ng ABS-CBN, iyon ba ay hudyat na wala na siyang sama ng loob, wala na siyang anumang galit na nararamdaman? Kung ito ay aaksiyunan ng Kongreso ay bahala na ang Kongreso diyan, wala na siyang pakialam? At kung ito ay darating sa kaniyang lamesa, malamang ay aaprubahan naman na niya?

SEC. ROQUE: Iyan po ay ipinararating ng Presidente sa kaniyang mga alyado diyan sa Mababang Kapulungan, neutral po talaga ang Presidente, desisyon ninyo po iyan.

URI: So, iyong paghingi ng tawad, anong implikasyon noon?

SEC. ROQUE: Well, siguro po noong una eh natatakot iyong mga alyado niya na magbigay ng prangkisa dahil galit nga ang Presidente, pero ngayon po wala na po, naghupa na iyong galit, nagkasundo na at bumoto po kayo sang-ayon sa inyong mga konsensiya.

URI: Alright. Kung ito, Secretary, maaaring speculative naman ito pero baka lang sakali rin na masagot ninyo. Kung ito ay naaprubahan na ng Kongreso at Senado, nasa lamesa na ng Pangulo, papaano ito aaksiyunan ng Pangulo?

SEC. ROQUE: Well, sa tingin ko po hindi naman niya tutulan iyan kung walang basehang tumutol dahil tinanggap na nga niya iyong paghingi ng abiso ng ABS-CBN at titingnan lang kung mayroon lang talagang nalalabag pang ibang probisyon ng batas. Pero sa tingin ko, wala naman pong dahilan para i-veto ng Presidente iyang ABS-CBN franchise.

URI: Puwede raw ho ba na iyong cease and desist order ng NTC ay parahin muna, sabihin muna ng Pangulo na may krisis tayong kinakaharap, hind panahon ng pag-aaway, unahin muna natin itong COVID na ito, huwag ninyo munang ipairal iyan. Sa madaling salita, suspendehin niya muna iyong pagpapairal ng CDO.

SEC. ROQUE: Well, pinag-aralan po talaga namin iyan kung pupuwedeng maghimasok ng ganiyang paraan ang Presidente, hind po eh kasi nakasaad po sa batas talaga na ang NTC po ay isang quasi-judicial body. Attached siya sa DICT for purposes of program and policies pero ang desisyon po niya ay desisyon niya. Sa katunayan po, hindi naapela ang desisyon ng NTC sa Office of the President, diretso po sa hukuman ang pag-apela ng mga desisyon ng NTC.

URI: At wala ho bang presidential prerogative ang Pangulo para iyon na nga, sabi ko nga ay parahin ang anumang desisyon ng NTC?

SEC. ROQUE: Wala po kasi quasi-judicial body nga po iyan. Talagang ang tungo po ninyo kapag ikaw ay hindi satisfied sa decision ng NTC ay sa hukuman.

URI: Missy, another question?

HISTA: With that lang po, balikan ko lang, kasi bakit po iyong sa Philhealth ay kayang ipatigil ng Pangulo pero this CDO, hindi po?

SEC. ROQUE: Well, gaya ng sinabi ko po, iyong batas na binuo ang DICT at iyong mga batas na bumuo sa NTC, quasi-judicial po talaga siya. For purposes of budget, purposes of planning, for purposes of policy, nasa ilalim po siya ng DICT pero hanggang doon lamang. Hindi pupuwedeng manghimasok ang Kalihim ng DICT, at hindi rin puwedeng ang Presidente sa mga desisyon ng NTC.

URI: Secretary, bilang tagapagsalita ng Pangulo, ano ang inyong gustong isagot doon sa mga nagsasabing, hindi si Duterte iyan, si Duterte iyan. Kung hindi dahil kay Duterte ay hindi mapapasara iyang ABS-CBN na iyan?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo, tingin ko, bihira po iyong Presidente na humingi ng tawad sa mga pribadong tao dahil iyong kaniyang galit dahil sa tingin niya na na-dehado ang taumbayan. Pero nakuha po ng Presidente na humingi ng tawad kailan lamang doon sa dalawang indibidwal. Iyan po ay nagpapakita na mas kinikilala ni Presidente ngayon itong mga ginagawa ng ating mga pribadong sektor para tumulong sa panahon ng COVID-19.

Ang Presidente po, ganoon din, ay nagpapasalamat po sa ABS-CBN sa lahat ng kanilang tulong, iyong kanilang Pantawid Pag-ibig Program at kinikilala naman po iyan ng Presidente. At kung mayroon lang sanang paraan na siya ay makakapagbigay ng prangkisa o hindi naman kaya ng provisional authority eh siguro gagawin na ng Presidente iyon pero wala nga pong ganiyang paraan dahil sa batas ay wala pong ganiyang kapangyarihan ang ating Presidente.

Nagpapasalamat pong muli tayo sa ABS-CBN, at inuulit ko po - ang remedyo bukas po ang Kongreso, kumuha po kayo ng prangkisa sa Kongreso.

URI: All right. Iwan na namin iyong topic na iyan, mayroon tayong nilalabanang napakalaking usapin, itong COVID-19. Secretary Roque, kumusta na ba ngayon ang galaw ng gobyerno? Napa-flatten na ba natin iyong curve? Ilang araw na lamang at a-quince na, saan tayo patutungo?

SEC. ROQUE: Well, actually, bukas po mayroon tayong regular press briefing, so kung pupuwede po bukas ko nai-address iyan kasi tumatawag na po iyong susunod na istasyon na

kailangan na kailangan kong magbigay ng interview, ito po ay si Pareng Erwin naman sa PTV 4.

URI: Sige, sige, sige, sige... Okay, salamat!

SEC. ROQUE: Maraming salamat po!

HISTA: Thank you po.

URI: Secretary Harry Roque ng Office of the Presidential Spokesperson.

####

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)